



**FELIPE R. VERALLO
MEMORIAL FOUNDATION, INC.**

Clotilde Hills, Dakit, Bogo City, Cebu, Philippines 6010
info@frvcollege.com • marketing@frvcollege.com • BasicEd@frvcollege.com
frvcollege.com (032) 434-8210

MODYUL 1

SA

PAGTUTURO NG FILIPINO

SA ELEMENTARYA:

ESTRUKTURA AT GAMIT

NG WIKANG FILIPINO

Inihanda ni:

BB. ROSALIE A. MONERA

Instruktor sa Filipino

rosalie08monera@gmail.com

09290822055

Introduksyon

“Ang Wika ay susi ng puso at diwa, tuluyan ng tao’t ugnayan ng bansa.”—Marisol Apula

Ang modyul na ito ay inihanda upang maging gabay ng guro at mag-aaral sa mga paksang tatalakayin, mga gawaing isasagawa at mga pagsusulit na ibibigay sa bawat paksang matatalakay. Layunin ng modyul na ito na malinang ang kasanayan at kaalaman ng mag-aaral sa mga mahahalagang konsepto at paraan sa mabisang pagtuturo sa Wikang Filipino. Sinasanay ang mga mag-aaral na maging mapanuri tungkol sa iba-ibang usapin sa kanilang paligid, sarili, pamilya, kapaligiran, lipunan, kultura, at sa daigdig sa kabuuan na siyang magagamit nila upang maging mabisang tagapagturo sa hinaharap.

Sa pamamagitan ng modyul na ito, inihahanda ang mga mag-aaral na maging lohikal at kritikal sa pagsusuri sa wika bilang instrumento sa pagpapalawak ng kaalaman at pagpapaunlad ng mga natutuhan. Tutuon din ang modyul na ito sa pagluluklok sa Filipino bilang isang disiplina at hindi isang aassignatura lamang. Pinagsikapan ng naghanda ng modyul na ito na matalakay ang lahat ng mahahalagang paksa kaugnay sa kursong ito.

Kakikitaan ng 5 modyul ang babasahing ito.

Modyul 1-Kahulugan at Katangian ng Wika

Modyul 2-Wikang Pambansa sa Akademikong Larangan

Modyul 3-Kalikasan at Estruktura ng Wikang Filipino

Modyul 4-Ang Paghahanda ng mga Kagamitang Panturo

Hangad din ng modyul na ito na matamo ang mga sumusunod na kakayahan:

1. Makikilala ang kahalagahan ng Wikang Filipino at ang pagtataguyod nito;
2. Mailapat ang mga hakbang sa pangangalap ng mga impormasyon;
3. Matutukoy ang iba’t ibang gawaing pangkomunikasyon;
4. Masusuri ang mga bokabularyo at diskurso ng mga gawaing pangkomunikasyon;
5. Mailalapat ang mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ng wika sa ibang paksa;
6. Magagamit ang mga nalinang na kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat.
7. Maisasagawa ang mga gawaing inihanda tungkol sa mga sitwasyong pangkomunikasyon.

Ang paggamit sa wikang Filipino bilang midyum sa akademikong talastasan ay magandang hakbang tungo sa inteletuwalisasyon ng ating wika.

Paalala: Sa bawat gawaing nangangailangan ng paggamit ng iyong interpretasyon, gawing basehan ang inihandang krayterya/pamantayan na makikita sa **pahina 43**.

TALAAN NG NILALAMAN

MODYUL	PAHINA	PETSA
Pahina ng Pamagat	1	
Introduksyon	2	
Talaan ng Nilalaman	3	
Modyul 1: Kahulugan at Katangian ng Wika	4	
Unang Paksa: Mga Batayang Kaalaman sa Wika	4	
Karanasang Pagkatuto/Nilalaman	4	
Gawain Bilang 1	8	
Gawain Bilang 2	9	
Gawain Bilang 3	10	
Pagtataya	11	
Ikalawang Paksa: Pinagmulan ng Wika	12	
Karanasang Pagkatuto/Nilalaman	12	
Gawain Bilang 1	16	
Gawain Bilang 2	17	
Gawain Bilang 3	18	
Pagtataya	19	
Ikatlong Paksa: Pagkatuto ng Wika ng Isang Bata	20	
Karanasang Pagkatuto/Nilalaman	20	
Gawain Bilang 1	22	
Gawain Bilang 2	23	
Gawain Bilang 3	24	
Pagtataya	25	
Ika-apat na Paksa: Tungkulin ng Wika	26	
Karanasang Pagkatuto/Nilalaman	26	
Gawain Bilang 1	28	
Gawain Bilang 2	29	
Gawain Bilang 3	30	
Pagtataya	31	
Ikalimang Paksa: Konseptwal na Balangkas para sa Pag-aaral ng Wika sa Kurikulum Pang-Elementarya at Pamantayan sa Bawat Baitang	32	
Karanasang Pagkatuto/Nilalaman	32	
Gawain Bilang 1	37	
Gawain Bilang 2	38	
Gawain Bilang 3	39	
Pagtataya	41	
Talaan ng Pagwawasto	43	
Sanggunian	44	

MODYUL 1

Kahulugan at Katangian ng Wika

Introduksyon:

Mahalagang matutunan ng tao ang kanyang wika sapagkat ito ang nagbibigay sa kanya ng kapangyarihan—kapangyarihang maunawaan ang mga bagay sa kapaligiran. Sa modyul na ito, malilinig ang kasanayan ng mag-aaral sa pamamagitan ng mga natutunan tungkol sa estruktura at gamit ng wika. Kinapapalooban ito ng mga paksang magpapalalim sa kaalaman ng mag-aaral sa mga tama at dapat gawin sa paggamit ng wika.

Unang Paksa

A. Pamagat: Mga Batayang Kaalaman sa Wika

B. Layunin: Sa tulong mga inihandang gawain, ang mga mag-aaral ay inaasahang;

- Natatalakay ang kahulugan ang wika, mga angkan nito at ang kaugnayan nito sa mga dalubwika at kultura.
- Naipapakita ang pagpapahalaga sa paggamit ng wika.
- Nakasusulat ng pagninilay tungkol sa isyung pangwikang tinalakay.

C. Karanasang Pagkatuto/Nilalaman



Simulan Natin

Naisip mo na ba ang maaaring mangyari kung walang wika at hindi natin maipahayag ang sarili nang pasalita o pasulat man? Ano ang gagawin mo para maiparating ang sumusunod?

- Nais mong ipaalam sa isang tao (maaaring magulang, kaibigan, o taong malapit sa puso mo) na mahal mo siya.

- Nais mong malaman ng isang taong galit ka o hindi mo sinang-ayunan ang mga bagay na ginagawa niya.

- Nais mong humingi ng tulong sa iba para sa isang mahirap na kalagayan o problemang mayroon ka.



Pag-usapan Natin

Bawat tao ay may sariling wika. Ito ang ginagamit niya sa pakikipamuhay at pakikisangkot sa kanyang mga kalahi. Sa pamamagitan ng wika naipahahayag niya ang kanyang kaisipan, damdamin, adhikain, pangarap, imahinasyon at pagpapasya. Sa wika rin naipadama ang sidhi ng damdamin, lungkot, galak, katuwiran, layunin, katotohanan, pasasalamat, paghanga at ng iba pang nais iparating ng sinuman.

Ano nga ba ang wika? Iba-iba ang pagpapakahulugan dito. Ilan sa mga kilalang dalubhasa at manunulat ay naglahad ng kanilang iba't ibang kaisipan at pagpapakahulugan sa wika.

- Madalas banggitin ng mga manunulat ukol sa wika si Henry Gleason, isang dalubwika. Ayon sa kanya, ang wika ay masistemang balangkas ng sinasalitang tunog na isinaayos sa paraang **arbitrario (walang tiyak na basehan)**. Ang mga tunog ay hinuhugisan o binigyan ng mga makabuluhang simbolo (letra) na pinagsama-sama upang makabuo ng mga salita na gamit sa pagbuo ng mga kaisipan.

- Ayon kay Webster, isang leksikograper na Amerikano, ang wika ay kalipunan ng mga salitang ginagamit at naiintindihan ng isang maituturing na komunidad. Ito ay naririnig at binibigkas na pananalitang nalilikha sa pamamagitan ng dila at ng karatig na organo ng pananalita.
- Ayon kay Edgar Sturtevant, isang kontemporaryong lingguwista, ang wika ay isang sistema ng mga arbitraryong simbolo ng mga tunog para sa komunikasyon ng tao.
- Ang wika ay binubuo ng mga salita, kung paano bigkasin ang mga ito. Ito ang pamamaraan ng pagsasama-sama ng mga salita na ginagamit at nauunawaan ng isang komunidad at nagiging matatag sa mahabang panahon ng pagkakagamit. Ito ang saligan ng lipunan at nagiging kasangkapan upang magkaisa ang mga tao ayon kina Rubin, et al. (1989).
- Ang wika ay mga simbolong salita na kumakatawan sa mga bagay at pangyayaring nais ipahayag ng tao sa kanyang kapwa. Ang mga simbolong salitang ito ay maaaring simbolismo o katawwagan sa mga kaisipan at saloobin ng mga tao ayon kina Cruz at Bisa (1998).
- Ang wika ay tumutukoy sa anumang paraan ng pakikipagtalastasan at pagpapahayag ng kaisipan at damdamin sa pamamagitan ng sarili upang maunawaan ng kapwa. Ito’y binubuo ng mga salita, parirala, at pangungusap na nagtataglay ng kahulugan ayon kay Lachica (1998).
- Ayon kina Paz, Hernandez at Peneyra (2003:1), ang wika ay tulay na ginagamit para maipahayag at magyari ang anumang minimithi o pangangailangan nati. Ito ay behikulo ng ating ekspresyon at komunikasyon na epektibong nagagamit. Ginagamit ng tao ang wika sa kanyang pag-iisip, sa kanyang pakikipag-ugnayan, at pakikipag-usap sa ibang tao, at maging sa pakikipag-usap sa sarili.
- Ang siyentipong si Charles Darwin ay naniniwala na ang wika ay isang sining tulad ng paggawa ng serbesa o pagbe-bake ng cake, o pagsusulat. Hindi rindaw ito tunay na likas sapagkat ang bawat wika ay kailangan munang pag-aralan bag matutuhan.

Madalas, hindi na natin gaanong nabibigyang-pansin o hindi gaanong napag-iisipan ang kahulugan ng wika sapagkat tila ba likas o natural na sa atin ang pagkatuto at paggamit ng wika sa ating pagpapahayag mula pa sa pagkabata hanggang sa kasalukuyan. Subalit marahil iyo nang napagtanto na ang wika ay hindi lang basta tunog na nalilikha ng tao, bagkus ito’y isang napakahalagang instrumento ng komunikasyon. Nakapagpapahayag ang tao ng mga saloobin sa pamamagitan ng wika kaya’t nararapat lang na pagyamanin at gamitin nang naaayon sa angkop na layunin.


Panlahat na Katangian ng Wika

Batay sa pagpapakahulugan ng mga dalubhasa sa wika, masasabing ang wika ay may sumusunod na katangian:

A. Ang wika ay masistemang balangkas.

Isinasaayos ang mga tunog sa sistematikong paraan upang bumuo ng makabuluhang yunit katulad ng salita, parirala, pagungusap at diskors. Lahat ng wika ay nakaayon sa sistematikong ayos sa isang tiyak na balangkas.

Balangkas ng Wika:



Ponolohiya (Palatunugan)- makaagham nap ag-aaral ng mga tunog.

- Ponema- ang pinakamaliit ngunit may kahulugang tunog na isang wika.

Morpholohiy (Palabuuan)- ang makaagham na pag-aaral ng mga morpema o makahulugang yunit ng salita.

- Morpema- ang pinakamaliit na unit ng isang salita na nagtataglay ng kahulugan.

Sintaksis (Palaugnayan)- ang makaagham na pag-aaral ng mga sistema ng pagsasama-sama o pag-uugnay-ugnay ng mga salita upang bumuo ng pangungusap.

Diskors- ang makahulugang palitan ng mga pangungusap ng dalawa o higit pang tao.

B. Ang wika ay sinasalitang tunog.

Ang wika ay sinasalita na galing sa magkakasunod-sunod na tunog na nabubuo sa pamamagitan ng interaksyon ng iba't ibang aparato sa pagsasalita tulad ng bibig, dila, ngipin, ngalangala, velum at gilagid. Ang mga bahagi ng katawang ito ang ginagamit natin sa pagpapahayag ay tinatawag na *speech organs*. Kailangan itong mabigkas nang mabuti upang maging makabuluhan ang nabuong mga tunog at makilala ng tagapakinig ang pagkakaiba ng mga tunog.

C. Ang wika ay arbitraryong simbolo ng mga tunog.

Ang iba pang salita sa katangiang ito ay tumutuon sa salitang simbolo. Anumang uri ng simbolo, simbolong bokal at arbitraryo. Napapaloob sa terminong ito ang dualismo- isang panasigasag at isang kahulugan. Sa madaling sabi, may isang tawag na kumakatawan sa isang bagay, ideya, aksyon o pangyayari.

D. Ang wika ay komunikasyon.

Ang wika ay kasangkapan ng komunikasyon ng dalawa o higit pang taong nag-uusap. Sa pamamagitan ng wika, naipapahayag ang damdamin, kaisipan, pangarap, imahinasyon, layunin at pangangailangan ng tao.

Pagsasalita ang itinuturing na pangunahing representasyon ng wika samantala ang pagsulat naman ay pangalawang representasyop ng wika. Ang pagsulat ay paglalarawan lamang ng wikang sinasalita.

E. Ang wika ay pantao.

Isang eksklusibong pag-aari ng tao ang wika. Tao ang lumilikha, tao rin ang gumagamit. Dala-dala niya ito bilang instrument sa pakikipagtalastasan. Kapangyarihang taglay niya kung paano, saan, kailan at kanino niya ito gagamitin.

Ang pagkakaroon ng wika ay isang katangiang ikinakaiba ng tao sa iba pang kinapal ng Diyos. Mayroon siyang wikang kasangkapan sa kanyang lipunang pinamamayanihan ng katuwiran.

F. Ang wika ay kaugnay ng kultura.

Ang isang kultura ay hindi nabubuo dahil sa kanilang mga paniniwala. Kailangan ng isang bagay upang ito'y mabigyang linaw. Ito ay ang wika. Mula pagsilang ng tao ay may kakambal nang kultura. Wika ang kaluluwa ng tao kaya't nagbibigay ito sa kanya ng buhay. Dahil dito, itinuturing na dalawang magkabuhol na aspeto ang wika at kultura ng tao. Walang wika kung walang tao, at walang maunlad na kultura ng tao kung walang wika. Samakatuwid, magkasabay ang pag-unlad ng wika at kultura tao. Kaya't habang may tao at umuunlad ang kultura nito, patuloy ring buhay at dinamiko ang wika. Kung saan may wika ay may kultura at kung saan may kultura ay siguradong may wika. Sa ngayon, pinakamabisang tagapaglaganap ng wika ay ang kultura ng bansa. Kultura ang tunay na libro ng nakaraan, kasalukuyan at hinaharap ng bayan.

G. Ang wika ay ginagamit.

Upang magkaroon ng saysay ang wika, kailangang ito'y gamitin bilang kasangkapan sa komunikasyon. Kapan gang wika'y hindi ginagamit, ito'y unti-unting mawawala.

H. Ang wika ay natatangi.

Bawat wika ay may kaibahan sa ibang wika. Walang dalawang wika na magkatulad. Bawat wika ay may sariling set ng mga yunit panggramatika at sariling Sistema ng ponolohiya (palatunugan), morpolohiya (palabuuan) at sintaksis (palaugnayan).

I. Ang wika ay malikhain.

May kakayahan ang anumang wika na makabuo ng walang katapusang dami ng pangungusap. Ang isang taong maalam sa isang wika ay nakapagsasalita at nakabubuo ng iba’t ibang pahayag, nakauunawa ng anumang marinig o nabasang pahayag. Habang patuloy itong ginagamit ng mga tao, patuloy na makabubuo sila ng bagong pahayag (Belvez, et.al., 2003).

J. Ang wika ay dinamiko.

Ang wika ay buhay at patuloy sa pagbabago dahil patuloy na nagbabago ang pamumuhay ng tao at iniaangkop ang wika sa mabilis na takbo ng buhay dulot ng agham at teknolohiya. Bilang wikang dinamiko, bukas ang pintuan nito sa pagbabago upang makaangkop sa mga pangangailangang pangkomunikasyon ng sambayanang gumagamit nito.





Kailangan nating pag-isipan na napakahalagang matutuhan ang ating sariling wika sapagkat ito ay nagbibigay sa atin ng kapayapaan, pagkakaisa, pagkakaunawaan, at kaunlaran. *Ano kaya ang magyayari kung mawawala ang wikang binibigkas at nauunawaan ng mga tao?*



Pangalan: _____ Kursong at Taon: _____
Petsa: _____

Paksa: Kahulugan ng wika.

Panuto: Batay sa tinalakay tungkol sa wika, sumulat ng pangungusap o talata upang makabuo ng sariling pagpapakahulugan sa wika sa pamamagitan ng akrostik.



Pangalan: _____Kurso at Taon: _____
Petsa: _____

Panuto: Basahin at asgutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Bakit nahihirapan tayong umangkop kaagad sa isang lugar na pinupuntahan natin kung hindi tayo marunong ng kanilang wika?
2. Bakit kaya sa maraming bansa sa mundo ay magkapareho o magkasingkahulugan ang mga salitang *lengguwahe* o *wika* at *dila*? Bakit lagging naiuugnay ang dila sa wika?
3. Ano-ano ang pagkakapare-pareho sa mga pagpapakahalugang binasa at ibinigay ng iba’t ibang dalubhasa sa wika? Sa paanong paraan naman sila nagkakaiba-iba ng pananaw?
4. Sumasang-ayon ka ba kay Charles Darwin sa sinabi niyang, “hindi tunay na likas ang wika sapagkat kailangan muna itong pag-aralan bago matutuhan”? Ipaliwanag ang iyong pananw?
5. Kung ikaw ang tatanungin, anong pagpapakahulugan ang ibibigay mo sa salitang wika?



Pangalan: _____ Kursong Taon: _____
Petsa: _____

Panuto: Hanapin at bilugan sa loob ng kahon ang tinutukoy ng bawat pahayag. Maaari itong pahalang, patayo, o di kaya’y pahiga. Ilagay sa patlang ang salitang tinutukoy.

1. Ito ay pagpapahayag at pagpapalitan ng ideya, opinion, o impormasyon sa pamamagitan ng pagsasalita, pagsulat o pagsenyas. _____
2. Ito ang tunay na libro ng nakaraan, kasalukuyan at hinaharap ng bayan. Walang wika kung wala ito at wala ito kung walang wika. _____
3. Ang wika ay gamit lamang ng tao. _____
4. Makaagham na pag-aaral ng mga makahulugang yunit ng salita. _____
5. Nangangahulugang walang tiyak na batayan. _____
6. Katangian ng wika na tumutukoy sa pagiging bukas nito sa pagbabago. _____
7. Unti-unting mawawala ang kabuluhan ng wika kapag hindi ito _____ bilang kasangkapan sa pakikipagtalastasan.
8. Isinasaayos ang mga tunog sa sistematikong paraan. _____
9. May kakayahan ang anumang wika na makanuo ng walang katapusang dami ng pangungusap. _____
10. Bawat wika ay may kaibahan sa ibang wika. _____
11. Isang napakahalagang instrumento ng komunikasyon. _____
12. Pinakamaliit nay unit ng salita. _____
13. Ginagamit ang *speech organs* sa pagpapahayag dalih ang wika ay _____.
14. Makahulugang palitan ng pangungusap ng dalawang tao. _____
15. Pinakamaliit nay unit ng tunog. _____

D	A	M	D	A	M	I	N	M	A	H	I	P	O	N	E	M	A	A	L
M	D	S	M	W	A	J	A	N	D	E	T	E	D	N	A	J	L	A	M
K	A	L	A	I	N	S	A	A	B	S	O	O	F	O	R	Z	A	D	O
O	U	A	R	K	R	A	M	M	G	M	Y	O	K	O	S	E	Y	E	R
M	A	L	Y	A	N	S	B	O	T	O	R	I	S	I	S	I	G	O	P
U	M	A	T	O	M	B	U	K	A	R	A	A	G	A	M	O	R	E	E
N	A	T	A	U	S	A	N	T	O	P	A	P	I	A	Y	A	P	A	M
I	N	A	K	O	R	M	N	A	T	O	T	O	N	R	A	I	N	P	A
K	I	S	S	A	T	A	A	K	O	L	I	Y	A	T	K	M	O	I	A
A	N	G	R	A	P	S	A	A	H	O	I	R	G	I	T	A	O	N	D
S	I	N	O	A	T	I	N	G	A	H	T	R	A	K	I	L	N	A	I
Y	L	A	K	A	S	S	A	N	A	I	P	O	M	U	G	I	R	I	S
O	I	T	S	F	I	T	A	A	B	Y	E	S	I	L	N	K	A	K	D
N	W	W	I	N	A	E	R	R	A	A	B	S	T	O	A	H	D	O	I
R	K	A	D	M	U	M	A	P	A	G	M	A	H	A	L	A	Y	T	N
S	A	N	A	A	L	A	A	B	S	C	B	N	G	M	A	I	O	K	A
A	N	G	G	A	L	I	N	I	G	N	A	T	A	T	A	N	R	A	M
K	I	N	A	G	A	L	I	T	A	N	M	A	H	U	S	A	Y	S	I
E	T	H	O	W	T	O	B	E	Y	O	U	M	A	H	A	L	K	O	P
S	I	N	A	S	A	L	I	T	A	N	G	T	U	N	O	G	A	B	A

PAGSASANAY

Pangalan: _____ Kurso at Taon: _____
Petsa: _____

A. Panuto: Basahin at unawain ang mga pahayag sa ibaba. Isulat ang TAMA sa patlang kung ang diwa ng pahayag ay tama. Kung ang diwa ng pahayag ay mali, isulat ang tamang salita o konseptong dapat humalili sa salitang may salungguhit upang ang diwa ay maging tama.

- _____ 1. Ang morpopohiya ay makaagham na pag-aaral ng mga tunog.
- _____ 2. Tinatawag na ponema ang pinakamaliit ngunit may kahulugang tunog sa isang wika.
- _____ 3. Morpema ang pinakamaliit na yunit ng isang salita na nagtataglay ng kahulugan.
- _____ 4. Ang makaagham na pag-aaral ng mga sistema ng pagsasama-sama ng mga salita upang bumuo ng pangungusap ay tinatawag na diskors.
- _____ 5. Pagsasalita ang itinituring na pangunahing representasyon ng wika samantala ang pagbasa naman ang pangalawang representasyon ng wika.

B. Kilalanin ang katangian ng wikang tinutukoy ng mga pahayag sa ibaba. Titik lamang ang isulat sa ikalawang hanay ng bawat bilang.

Ang wika ay:

- A. masistemang balangkas

D. komunikasyon

G. ginagamit

J. dinamiko
- B. sinasalitang tunog

E. pantao

H. natatangi
- C. arbitraryong simbolo ng mga tunog

F. kaugnay ng kultura

I. malikhain

		Sagot
1	Ang wika ay instrumento upang maipahayag ng tao sa kanyang tagapakinig ang kanyang damdamin, kaisipan, pangangailangan, pangarap, atbp.	
2	Habang patuloy na ginagamit ng tao ang wika, patuloy itong makalilikha ng mga bagong salita o pahayag.	
3	Ang ngiyaw ng pusa, tahol ng aso at atungal ng leon ay di maituturing na wika. Hindi mapag-aralan ng mga hayop ang wika ng tao subalit mapag-aralan ng tao ang tunog ng hayop. Ang wika ay gamit lamang ng tao.	
4	Ang mga Pilipino ay may wikang pambansng tinatanggap sa buong kapuluan ngunit dahil sa maraming etnolingguwistikong pangkat, ang bawat pangkat na ito ay may kanya-kanyang tunog o simbolo na sumasagisag ng tiyak na kaisipan at gawi.	
5	Bawat wika ay may sariling set ng mga makabuluhang tunog, gramatika at sistema ng palabuan at palaugnayan ng mga salita. Maaaring sabihing may mga wikang magkakahawig subalit walang dalawang wikang magkatulad sa lahat ng aspeto.	
6	Ang lahat ng wika ay nakabatay sa tunog at ang mga tunog na ito ay nagiging salita. Kapag ang mga salita ay pinag-ugnay, maaari naman tayong makabuo ng pangungusap. Kapag nagkaroon na ng palitan ng mga pangungusap ay nagkakaroon nan g tinatwag na diskors.	
7	Unti-unting mawawala ang kabuluhan ng wika kapag hindi na ito ginagamit bilang kasangkapan sa pakikipagtalastasan. Kapag hindi na ito binibigyang halaga, ito ay tuluyang mamamatay.	
8	Ang wika ay hindi maaaring tumangging magbago. Habang nagbabago ang panahon ay nagbabago rin ang wika gaya ng pagdaragdag ng mga bagong bokabularyo bunga ng pagiging malikhain ng tao.	
9	Hindi lahat ng tunog ay maituturing na wika sapagkat hindi nabubuo ang mga tunog na ito sa pamamagitan ng mga sangkap ng pagsasalita.	
10	Ang mga kaisipan ng isang wika ay walang katumbas sa ibang wika sapagkat wala sa kalinangan o gawi ng ibang wika ang kaisipang iyon ng isang wika. Halimbawa, limitado ang bokabularyong Ingles sa pagtutumbas ng mga salitang agricultural dahil hindi iyon bahagi ng kanilang pamumuhay samantalang sa Filipino naman ay mayaman tayo sa mga salitang agricultural dahil bahagi ito n gating pamumuhay.	


Ikalawang Paksa

A. Pamagat: Pinagmulan ng Wika

B. Layunin:

- 1. Nakagugunita ng mga datos tungkol sa pinagmulan ng wika.
- 2. Napagtitimbang ang mga impormasyong nagunita sa pinagmulan ng wika.
- 3. Nakabubuo ng sanaysay na pumapaksa sa pinagmulan ng wika.

C. Karanasang Pagkatuto/Nilalaman



Simulan Natin

Naitanong mo na ba sa iyong sarili kung saan nagmula ang wika? Saan kaya ito nagmula?

Maraming haka-haka tungkol sa pinagmulan ng wika. Bukod sa dami-daming teorya ng iba’t ibang tao hindi pa rin maipaliwanag kung saan, paano at kailan talaga nagsimula ang wika. Tinatanggap ng mga dalubwika na hanggang sa ngayon ay wala pa ring katiyakan ang iba’t ibang teorya tungkol sa pinagmulan nito. Isa itong palaisipang hanggang sa kasalukuyan ay hinahanapan ng patunay subalit nananatili pa ring hiwaga o misteryo.

Teorya ang tawag sa siyentipikong pag-aaral sa iba’t ibang paniniwala ng mga bagay-bagay na may mga batayin subalit hindi pa lubusang napapatinayan. Iba’t ibang pagsipat o lente ang pinanghahawakan ng iba’t ibang eksperto. Ang iba ay siyentipiko ang paraan ng pagdulog samantalang relihiyoso naman sa iba. May ilang nagkakaugnay at may ilan namang ang layo ng koneksiyong sa isa’t isa. Narito ang iba’t ibang teorya ng wika sa tulong ng talahanayan.

Mga teorya ng pinagmulan ng wika

1. Paniniwala sa Banal na Pagkilos ng Panginoon

Tore ng Babel

Batay sa istorya ng Bibliya, iisa lang ang wika noong unang panahon kaya’t walang suliranin sa pakikipagtalastasan ang tao. Naghangad ang tao na higitan ang kapangyarihan ng Diyos, naging mapagmataas at nag-ambisyong maabot ang langit, at nagtayo ng pakataas-taas na tore. Mapangahas at mayabang na ang mga tao, subalit pinatunayan ng Diyos na higit siyang makapangyarihan kaya sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan, ginuho niya ang tore. Ginawang magkakaiba ang Wika ng bawat isa, hindi na magkaintindihan at naghiwa-hiwalay ayon sa wikang sinasalita. (Genesis kabanata 11:1-8)

2. Ebolusyon

Bow-wow

Ayon sa teoryang ito, maaaring ang wika raw ng tao ay mula sa panggagaya sa mga tunog ng kalikasan. Ang mga primitibong tao diumano ay kulang na kulang sa mga bokabularyong magagamit. Dahil dito, ang mga bagay-bagay sa kanilang paligid ay natutunan nilang tagurian sa pamamagitan ng mga tunog na nalilikha ng mga ito. Marahil ito ang dahilan kung bakit ang tuko ay tinatawag ng tuko dahil sa tunog na nalilikha ng nasabing insekto. Pansinin ang mga batang natututo pa lamang magsalita. Hindi ba’t nagsisimula sila sa panggagaya ng mga tunog, kung kaya’t ang tawag nila sa aso ay aw-aw at sa pusa ay miyaw. Ngunit kung totoo ito, bakit iba-iba ang tawag sa aso halimbawa sa iba’t ibang bansa gayong ang tunog na nalilikha ng aso sa Amerika man o sa Tsina ay pareho lamang?

Ding-dong

Kahawig ng teoryang bow-wow, nagkaroon daw ng wika ang tao, ayon sa teoryang ito, sa pamamagitan ng mga tunog na nalilikha ng mga bagay-bagay sa paligid. Ngunit ang teoryang ito ay hindi limitado sa mga kalikasan lamang kungdi maging sa mga bagay na likha ng tao. Ayon sa teoryang ito, lahat ng bagay ay may sariling tunog na siyang kumakatawan sa bawat isa at ang tunog niyon ang siyang ginagad ng mga sinaunang tao na kalauna’y nagpabagu-bago at nilapatan ng iba’t ibang kahulugan. Tinawag din ito ni Max Muller na simbolismo ng tunog.

Pooh-pooh

Unang natutong magsalita ang mga tao, ayon teoryang ito, nang hindi sinasadya ay napabulalas sila bunga ng mga masisidhing damdamin tulad ng sakit, tuwa, sarap, kalungkutan, takot, pagkabigla at iba pa. Pansinin nga naman ang isang Pilipinong napapabulalas sa sakit. Hindi ba't siya'y napapa-Aray! Samantalang ang mga Amerikano ay napapa-ouch! Ano'ng naibubulalas natin kung tayo'y nakadarama ng tuwa? Ng sarap? Ng takot?

Yo-he-ho

Pinaniniwalaan ng linggwistang si A.S. Diamond (sa Berel, 2003) na ang tao ay natutong magsalita bunga diumano ng kanyang pwersang pisikal. Hindi nga ba't tayo'y nakalilikha rin ng tunog kapag tayo'y nag-eeksert ng pwersa. Halimbawa, ano'ng tunog ang nililikha natin kapag tayo'y nagbubuhay ng mabibigat na bagay, kapag tayo'y sumusuntok o nangangarate o kapag ang mga ina ay nanganganak?

Yum-yum

Katulad ng teoryang ta-ta, sinasabi rito na ang tao ay tutugon sa pamamagitan ng pagkumpas sa alinmang bagay na nangangailangan ng aksiyon. Ang pagtugong ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng bibig ayon sa posisyon ng dila. Katulad halos ng teoryang ta-ta ang paliwanag ng mga proponent ng teoryang ito sa pinagmulan ng wika.

Ta-ta

Ayon naman sa teoryang ito, ang kumpas o galaw ng kamay ng tao na kanyang ginagawa sa bawat partikular na okasyon ay ginaya ng dila at naging sanhi ng pagkatuto ng taong lumikha ng tunog at kalauna'y nagsalita. Tinatawag itong ta-tana sa wikang Pranses ay nangangahulugang paalam o goodbye sapagkat kapag ang isang tao nga namang nagpapaalam ay kumakampay ang kamay nang pababa at pataas katulad ng pagbaba at pagtaas na galaw ng dila kapag binibigkas ang salitang ta-ta.

Sing-song

Iminungkahi ng linggwistang si Jespersen na ang wika ay nagmula sa paglalaro, pagtawa, pagbulong sa sarili, panliligaw at iba pang mga bulalas-emosyunal. Iminungkahi pa niya na taliwas sa iba pang teorya, ang mga unang salita ay sadyang mahahaba at musikal, at hindi maiikling bulalas na pinaniniwalaan ng marami.

Hey you!

Hawig ito ng teoryang pooh-pooh. Iminungkahi ng linggwistang si Revesz na bunga ng interpersonal na kontak ng tao sa kanyang kapwa tao ang wika. Ayon kay Revesz, nagmula ang wika sa mga tunog na nagbabadya ng pagkakakilanlan (Ako!) at pagkakabilang (Tayo!). Napapabulalas din tayo bilang nagbabadya ng takot, galit o sakit (Saklolo!). Tinatawag din itong teoryang kontak.

Coo Coo

Ayon sa teoryang ito, ang wika ay nagmula sa mga tunog na nalilikha ng mga sanggol. Ang mga tunog daw na ito ang ginaya ng mga matatanda bilang pagpapangalan sa mga bagay-bagay sa paligid, taliwas sa paniniwala ng marami na ang mga bata ang nanggagaya ng tunog ng mga matatanda.

Babble Lucky

Ayon sa teoryang ito, ang wika raw ay nagmula sa mga walang kahulugang bulalas ng tao. Sa pagbubulalas ng tao, sinuwerte lamang daw siya nang ang mga hindi sinasadya at walang kabuluhang tunog na kanyang nalikha ay naiugnay sa mga bagay-bagay sa paligid na kalaunan ay naging pangalan ng mga iyon.

Hocus Pocus

Ayon kay Boeree (2003), maaaring ang pinanggalingan ng wika ay tulad ng pinanggalingan ng mga mahikal o relihiyosong aspeto ng pamumuhay ng ating mga ninuno.

Maaari raw kasing noo'y tinatawag ng mga unang tao ang mga hayop sa pamamagitan ng mga mahikal na tunog na kalaunan ay naging pangalan ng bawat hayop.

Eureka!

Sadyang inimbento ang wika ayon sa teoryang ito. Maaari raw na ang ating mga ninuno ay may ideya ng pagtatakda ng mga arbitraryong tunog upang ipakahulugan sa mga tiyak na bagay. Nang ang mga ideyang iyon ay nalikha, mabilis na iyong kumalat sa iba pang tao at naging kalakaran sa pagpapangalan ng mga bagay-bagay (Boeree, 2003).

La-la

Mga pwersang may kinalaman sa romansa. Ang salik na nagtutulak sa tao upang magsalita.

Ta-ra-ra-boom-de-ay

Likas sa mga sinaunang tao ang mga ritwal. Sila ay may mga ritwal sa halos lahat ng gawain tulad ng sa pakikidigma, pagtanim, pag-aani, pangingisda, pagkakasal, pagpaparusa sa nagkasala, panggagamot, maging sa paliligo at pagluluto. Kaakibat ng mga ritwal na iyon ay ang pagsasayaw, pagsigaw at incantation o mga bulong. Ayon sa teoryang ito, ang wika raw ng tao ay nag-ugat sa mga tunog na kanilang nililikha sa mga ritwal na ito na kalauna'y nagpapabagu-bago at nilapatan ng iba't ibang kahulugan.

Mama

Ayon sa teoryang ito, nagmula ang wika sa mga pinakamadadaling pantig ng pinakamahahalagang bagay. Pansinin nga naman ang mga bata. Sa una'y hindi niya masasabi ang salitang mother ngunit dahil ang unang pantig ng nasabing salita ang pinakamahalaga diumano, una niyang nasasabi ang mama bilang panumbas sa salitang mother.

Iba pang paniniwala sa pinagmulan ng wika

Rene Descartes

Hindi pangkaraniwang hayop ang tao kung kaya't likas sa kaniya ang gumamit ng wika na aangkop sa kaniyang kalikasan bilang tao. May aparato ang tao lalo na sa kaniyang utak gayundin sa pagsasalita upang magamit sa mataas at komplikadong antas ang wikang kailangan niya hindi lamang para mabuhay bagkus magampanan ang iba't ibang tungkulin nito sa kaniyang buhay.

Plato

Nalikha ang wika bunga ng pangangailangan. Necessity is the mother of all invention. Sa paniniwalang ito, gaya ng damit, tirahan at pagkain, pangunahing pangangailangan din ng tao ang wika kung kaya't naimbento ito ng tao.

Jose Rizal

Kung lahat ng likas na bagay ay galing sa Poong Maykapal, bakit hindi ang wika? Naniniwala ang pambansang bayani na kaloob at regalo ng Diyos ang wika sa tao.

Charles Darwin

Nakikipagsalaparan ang tao kung kaya't nabuo ang wika. Survival of the fittest, elimination of the weakest. Ito ang simpleng batas ni Darwin. Upang mabuhay ang tao, kailangan niya ng wika. Ito ay nakasaad sa aklat na Lioberman (1975) na may pamagat na "On the Origin of Language", sinasaad dito na ang pakikipagsapalaran ng tao para mabuhay ang nagtuturo sa kanya upang makalikha ng iba't ibang wika.

Wikang Aramean

May paniniwalang ang kauna-unahang wikang ginagamit sa daigdig ay ang lenggwahe ng mga Aramean. Sila ang mga sinaunang taong nanirahan sa Syria (Aram) at Mesopotamia. Tinatawag na Aramaic ang kanilang wika.

Haring Psammatichos

Sinasabi sa paniniwalang ito na bilang hari ng Ehipto, gumawa ng isang eksperimento si Psammatichos kung paano nga ba nakapagsasalita ang tao. May dalawang sanggol siyang pinalaki sa loob ng kuweba at mhigpit na ipinag-tos na hindi ito dapat makarinig ng anumang salita. Sa tagal ng panahon nakapagsalita raw ng “Bekos” ang dalawang bata na ang ibig sabihin ay tinapay. Sa maikling sabi, likas na natututuhan ng tao ang wika kahit hindi ituro ang pinanghahawakan ng teoryang ito.

Alin sa mga teoryang ito ang wasto? Hindi natin matutukoy. Kaya nga teorya ang tawag sa mga ito, mga haka-haka lamang na mahirap patunayan at husgahan. Ang pagpipilit na ang isa ang tama ay tiyak na hahantong lamang sa walang hanggang pagtatalo. Bawat teorya ay may sari-sariling kalakasan at kahinaan na maaaring maging batayan upang ating paniwalaan o di kaya’y tanggihan. Magkagayon man, mahalaga ang bawat isa sa pagtalakay sa pinagmulan ng wika.

Hindi matatawaran ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isng wikang pambansang magbibigkis sa mamamayan. Gamit ang isang wika, mabilis na magkakaunawaan sa isang lipunan.

Sinasabing ang mga wika sa Pilipinas ay kabilang sa malaking pamilya ng mga wikang **Austronesian**. Kabilang sa pamilya ito ang sumusunod:

- mga wika mula sa Formosa sa hilaga hanggang New Zealand sa timog
- mula isla ng Madagascar sa may bayabayin ng Africa hanggang Easter Islands sa gitnang Pasipiko.

Ang limang daang wikang kasali sa pamilyang Austronesian ay sangwalo (1/8) ng mga wika sa mundo. Ang relasyon ng mga wika ay sinasabing nagbibigkis ng wikang katutubo sa Pilipinas sa kadahilanang kahit nagsasariling wika ay may mga nagkakaisang katangian ang mga wikang katutubo sa gramatika, sa estruktura ng pangungusap, sa leksikon, at iba pa. Ito ang itinuturing na dahilan kung bakit nagiging madali para sa isang Pilipino ang matuto ng iba pang wikang katutubo sa Pilipinas.

Sangguninan: Almario, Virgilio S. Madalas.Itanong ukol sa Wikang

Gawain Bilang 1.

Pangalan: _____Kurso at Taon: _____
Petsa: _____

Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Mayroon bang nakababatid sa tunay na pinagmulan ng wika? Ipaliwanag ang sagot.

2. Ano ang ginawa ng mga lingguwista o dalubwika upang maipaliwanag ang pinagmulan ng wika?

3. Sa iyong palagay, naging madali ba sa mga lingguwista o dalubwika ang pagkalap ng mga ito? Bakit?

4. Ano-ano ang mga teoryang sinasabing pinagmulan ng wika? Ipaliwanag ang bawat isa.

5. Sa iyong pananaw, alin sa mga teoryang ito ang pinakamakatatotohanan? Ipaliwanag ang iyong sagot.



Pangalan: _____Kurso at Taon: _____

Petsa: _____

Panuto: Magbigay ng mga sitwasyon na nagpapatunay sa mga sumusunod na teorya ng wika.

	Mga Teorya ng wika	Sitwasyong Magpapatunay
1	Ding-Dong	
2	Bow-wow	
3	Pooh-Pooh	
4	Ta-Ta	
5	Yo-He-Ho	

Gawain Bilang

Pangalan: _____ Kursong Taon: _____

Petsa:_____

Panuto: Kung ikaw ay isang lingguwista o dalubwika, anong teorya ng wika ang iyong imumungkahi? Bigyan ito ng mga patunay at sitwasyon. Isulat ang sagor sa nakalaang espasyo.

[illegible]

PAGSASANAY

Pangalan: _____Kurso at Taon: _____

Petsa: _____

1. **Panuto: Maraming mga teorya ang lumabas na nagtangkang ipaliwanag ang pinagmulan ng wika. Ang bawat pahayag ay nagpapaliwanag ng isa sa mga teoryang tinalakay. Tukuyin kung ano ito at isulat sa puwang bago ang bilang.**

- _____ 1. Ang wika raw ay nagmula sa panggagaya ng mga sinaunang tao sa mga tunog na nilikha ng mga hayop.
- _____ 2. Batay sa teoryang ito, nagmula raw ang wika sa panggagaya ng mga sinaunang tao sa mga tunog ng kalikasan.
- _____ 3. Ayon sa teoryang ito may koneksiyon ang kumpas o galaw ng kamay ng tao sa paggalaw ng dila. Ito raw ay naging sanhi ng pagkatuto ng taong lumikha ng tunog at matutong magsalita.
- _____ 4. Nagmula raw ang wika sa mga salitang namutawi sa mga bibig ng sinaunang tao nang nakaramdam sila ng masidhing damdamin tulad ng tuwa, galit, sakit, sarap, kalungkutan, at pagkabigla.
- _____ 5. Nagmula raw ang wika sa pagsasama ng mga tao kapag nagtatrabaho o nagtitipon-tipon.
- _____ 6. Nagmula ang wika sa mga pinakamadadaling pantig ng pinakamahahalagang bagay.
- _____ 7. Halimbawa ng teoryang ito ay ang tunog ng kampana, tren, relo at iba pa.
- _____ 8. Pagtawa, kalungkutan o sakit sa pamamagitan ng iyak, pagkabigla, pagtataka at iba pang damdamin.
- _____ 9. Ang wika raw ng tao ay nag-ugat sa mga tunog na kanilang nililikha sa mga ritwal
- _____ 10. Sadyang inimbento ang wika ayon sa teoryang ito

KRAYTERYA

Krayterya sa mga Gawaing Pasanaysay

Krayterya	5	4	3	2	1
Pagsasaayos ng mga ideya (x1)	Ang mga ideya ay wasto at organisado	Ang mga ideya ay organisado at may isang kulang na ideya.	Ang mga ideya ay halos organisado at may 2-3 kakulangan.	Ang mga ideya ay halos organisado na may 4-5 kakulangan	Ang mga ideya ay hindi organisado
Kabuuan ng mga ideya (x1)	Ang mga ideya ay naalinsunod sa paksa	Ang mga ideya ay halos naalinsunod sa paksa na may isang kakulangan	Ang mga ideya ay halos alinsunod sa paksa na may 2-3 kakulangan.	Ang mga ideya ay halos alinsunod sa paksa na may 4-5 kakulangan.	Ang mga ideya ay halos alinsunod sa paksa na may mahigit 6 na kulang.
Kalinisan (x1)	Malinis ang pagkasulat na walang pagbubura	Malinis ang pagkakasulat na may isang pagbubura	Malinis ang pagkasulat na may 2-3 pagbubura	Pagkasulat ng may 4-5 pagbubura	Marumi ang pagkakasulat na may mahigit 6 na pagbubura.

Krayterya sa Pagbuo ng Banghay-aralin

	Paunlad	Mahusay	Napakahusay
Pamantayan at Layunin	- Ang banghay-aralin ay hindi tiyak ang sinusunod na pamantayan at/o ang layunin nito'y di tiyak o hindi nagkakaugnay sa bawat paksa.	Ang banghay-aralin ay naaayon sa pamantayan at may katiyakan sa mga layunin.	Ang banghay-aralin ay naaayon sa pamantayan at napakahusay ng pagkakalahad ng mga layunin. Kakikitaan ng tiyak na target ang mga layunin.
Pagtataya	-Hindi kakikitaan ng ng mga inaasahang impormasyon sa pagtataya, hindi kompleto at Malaki ang kakulangan. -Ang pagtataya ay hindi kakikitaan ng kaugnayan sa binuong layunin.	Kakikitaan ng mga inaasahang impormasyon sa pagtataya. Klaro at kompleto ang paglalahad. May kaugnayan ang mga pagtataya sa layuning inihanda.	Kakikitaan ng kompleto, tiyak, at napakahusay na mga impormasyong kailangang matamo ng mag-aaral sa pagtataya. Angkop at nakamit ang layunin sa pagtataya.
Paghahanda ng Gawain batay sa layunin	-Ang mga inihandang gawain ay hindi tugma sa pamantayan at layunin. -Bago ang talakayan, habang nagtatalakay at pagkatapos ng pagtatalakay ay hindi kakikitaan ng katiyakan at involvement ng mag-aaral.	-Magkatugma ang inihandang gawain sa mga layuning inilahad. May kahusayan sa daloy ng mga gawain. -Bago ang talakayan, habang nagtatalakay at pagkatapos ng pagtatalakay ay kakikitaan ng katiyakan at involvement ng	-Napakahusay ng paglalahad ng layunin sa binuong gawain. Tiyak at komprehensibo ang daloy ng mga gawain. -Bago ang talakayan, habang nagtatalakay at pagkatapos ng pagtatalakay ay kakikitaan ng katiyakan at involvement ng mag-aaral.

		mag-aaral.	
Materyal at Kagamitan at Oras na kakailanganin	- Hindi nakatala ang kagamitang kakailanganin at ang tiyak na oras.	-Mahusay na nakatala ang mga kagamitang kakailanganin at may tiyak na oras sa paggawa.	Napakahusay ng pagkakatala ng kakailanganing gawain at tiyak ang dahilan ng paggamit nito. May tiyak na oras na nakalaan.
Daloy ng nilalaman	Hindi lohikal ang paglalahad ng daloy ng nilalaman.	Lohikal ang daloy ng paglalahad.	Lohikal at komprehensibo ang daloy ng paglalahad,

Sanggunian:

(2017). *Komunikasyon at Pananliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*
http://floredelresus.blogspot.com/2017/08/gamit-ng-wika-sa-lipunan_11.html

Borlasa, L.R. (2016). *Komunikasyon at Pananliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*.45-C Pisces St., Tandang Sora, Quezon City: Cronica Bookhaus.

Patani, Y.J. (retrieved 2020). *Mga teorya ng Pinagmulan ng Wika*.
https://www.academia.edu/36928754/Mga_teorya_ng_pinagmulan_ng_wika

Valenzuela, R., et. al.(2016). *Sidhaya 11: Komunikasyon at Pananliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. 839 EDSA, South Triangle, Quezon City: C&E Publishing, Inc.